Pag-aaral sa mga Lokal na mga Kindergarten

Ang layunin ng kindergarten sa Hong Kong ay upang bigyan ng mahinahon at masayang kapaligiran ang mga mag-aaral upang magkaroon ng balanseng pag-unlad ng mga bata sa larangan ng pag-uugali, katalinuhan, pakikisalamuha at sining.

- Ang mga magulong ay pwedeng ikonsidera ang mga sumusunod na punto kung namimili ng eskwelahang kindergarten para sa kanilang mga anak:
  - Kung ang kalahati o buong-araw na pagpasok serbisyong edukasyon na tugma sa kanilang pangangailangan;
  - Kung ang panahon ng serbisyo ng kindergarten ay maaaring matugunan ang kanilang mga kinakailangan hal. ang bilang ng pagbabakasyon sa bawat taon at oras ng pag-aaral sa araw-araw;
  - Layunin ng kindergarten;
  - Kurikulum at paraan ng pag-aaral;
  - Mga katangian ng mga guro;
  - Kapaligiran ng eskwelahan at kagamitan;
  - Mga bayarin at singilin sa eskwelahan; at
  - Oras ng biyahe mula sa bahay hanggang eskwelahan at kabaliktaran nito.
- Dahil ang mga bata ay madaling makapag-angkop sa kanilang kapaligiran, ang mga magulang na NCS ay hinhikayat na pag-aralin ang mga anak nila sa mga eskwelahang nagbibigay ng lokal na kurikulum upang makapag-aral sila ng wikang tsino hangga't maaga pa lang. Ito ay siguradong makakatulong sa kanila upang makihalubilo sa kapaligiran at maging bihasa sa wikang Tsino. Ito rin ay papadaliin ang pakikisama sa buhay mag-aaral at lokal na pagaaral sa primarya sa kinabukasan.
- Para sa mga katanungan tungkol sa edukasyon sa kindergarten, puwedeng tumawag ang mga magulang sa pinagsamang opisina ng mga Kindergarten at mga Child Care Centres o ang Seksyon ng Pag-unlad ng Eskwelahan ng EDB kung saan ang listahan ng telepono ay matatagpuan sa pahina 14.

Mga may kaugnayang na mga website

Edukasyon ng Kindergarten sa HongKong:
http://www.edb.gov.hk/en/edu-system/preprimary-kindergarten/overview/index.html

Pagkakakilanlan sa mga Kindergartens and Kindergarten-cum-Child Care Centres:
www.chsc.hk/kindergarten/

Serbisyong edukasyon para sa magaaral na hindi nagsasalita ng wikang tsino (NCS):
www.edb.gov.hk/ncs